Nonimmigant Visa Branch
AMERICAN EMBASSY
MANILA


# *MGA TIP SA LARAWAN PARA SA U.S. BISA*

**ALITUNTUNIN PARA SA LARAWANG PANG NONIMMIGRANT VISA**

Ang sumusunod na alituntunin patungkol sa larawang pang nonimmigrant visa ay mahigpit na pinaiiral. Ang kalidad ng larawang maaari lamang gamitin sa Nonimmigrant Visa ay nararapat na umaayon sa nakasaad sa pulyetong ito. Ang makinang ginagamit sa pagproseso ng visa ay tumatanggap lamang nang ayon sa detalyeng nakasaad.

1**. SUKAT: Mula 1 ½" X 1 ½" hangang 2" x 2" parisukat**

Ang mukha sa larawan ay kinakailangang maipakita ng buo, nakaharap nang tuwid sa camera. Ang larawan ay dapat idikit sa Form DS-156. Ang sukat ng larawan mula sa dulo ng baba hanggang sa tuktok ng ulo (kasama ang buhok), ay di dapat kumulang sa isang pulgada o sumobra sa 1-1/4 pulgada. (Tingnan ang halimbawang nakaguhit sa kanan nitong papel.)




2. **KALIDAD NG LARAWAN**

✓ Ang larawan ay maaaring may kulay o black and white, subalit kinunan sa may maputing likuran.

✓ Ang larawan ay dapat na kinunan sa loob ng nakaraang anim na buwan lamang at di lalampas sa panahong ito.

✓ Ang uri ng larawan ay dapat na malinaw, nakaharap ang buong mukha, at nakaimprenta sa manipis at hindi makintab na papel.

✓ Ang mukha sa larawan ay dapat buo, nakatingin ng tuwid sa camera, at hindi nakayuko o nakaharap sa alinmang gilid.

✓ Kailangang kita ang kabuuan ng mukha, mula tuktok ng ulo hanggang dulo ng baba, kita ang buong buhok sa magkabilang panig at nakalabas ang magkabilang tenga.

✓ Ang belo o takip sa ulo ay naaari lamang sa mga taong may kakaibang relihiyon o propesyon nguni't di dapat natatakpan ang alin mang parte ng mukha ng aplikante.

3. **HINDI MAARING TANGGAPING LARAWAN:**

- Larawang niretoke at nakapag-pabago sa kaanyuan ng aplikante.
- Larawang kinunan na may magulo o madilim na likuran
- Larawang gawa sa mga vendo machine
- Larawang kuha sa camerang may fog filter o malabo
- Larawan ng aplikanteng nakasuot ng sunglasses or ibang aksesorya na nakakapag-pabago sa anyo ng mukha
- Larawan ng aplikanteng nakasuot ng belo o tradisyunal na kasuotang pang-mukha kung matatakpan nito ang bahagi ng mukha at di makapag-papakilala sa aplikante
- Larawan ng military, marino, kawani ng airline o iba pang propesyunal na nakasombrero o nakasuot ng anumang panakit sa ulo.

K:Info Sheets: Photo tips – tagalog Nov 2001